Pangalan: ______________________________ Petsa: ____________

Baitang&Seksyon: ___________________________ Guro: ____________

2nd Quarter Summative Test sa Filipino 6

I. Panuto: Piliin ang letra ng pinaka-angkop na sagot.

1. Ang kambal na sina Lira at Lita ay ____________. Mahusay gumawa ng tula si Lira. Magaling namang magpinta si Lita. Marami ang natutuwa sa kanila.
   A. kapwa mabilis  C. kapwa malusog
   B. kapwa malikhain  D. kapwa matangkad
2. Masayang pumapasok sa paaralan ang mga kabataang nagmula sa Purok Pagkakaisa. Tuwing Sabado at Linggo ay sinisikap nilang maging makabuluhan ang kanilang araw sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang mga magulang. Ang mga bata sa Purok Pagkakaisa ay __________.
   A. kapuri-puri B. maalalahanin C. nakakaaliw D. nakakainis
3. Ang iba't ibang laro sa kompyuter ang pinagkakaabalahan ng batang si Jet. Naging dahilan ito ng madalas niyang pagliban sa klase at pagkakaroon ng mababang marka. Si Jet ay isang _________ na bata.
   A. disiplinado B. mabait C. masipag D.tamad
4. Isa sa mga paboritong araw ni Andrea ay ang Araw ng Pasko. Bukod sa kaarawan ito ni Hesukristo, panahon din ito ng pagbibigayan. __________ siyang nagbibigay ng regalo sa kaniyang mga mahal sa buhay.
   A. Buong-puso B. Kapus-palad C. Ngiting-aso D. Pusong-bato
5. __________ ang mga nakuhang gulay at prutas nang mag-anak na Aguilar. Agad nila itong dinala sa pamilihan at itininda sa tamang halaga.
   A. Bulok B. Hinog C. Makunat D. Sariwang-sariwa
6. Ang Moriones ay hindi sa entablado ginaganap kundi sa mga lansangan sa buong bayan. Ito'y idinaraos taon-taon, ilang araw pagkaraan ng Biyernes Santo o Mahal na Araw.
   A. Ang pagdiriwang ng Moriones Festival
   B. Ang pagdiriwang ng Pahiyas Festival
   C. Ang pagdiriwang ng Higantes Festival
   D. Ang pagdiriwang ng Sinulog Festival
7. Noong panahon ng mga Espanyol, ang mga Pilipino ay hindi masasabing malaya. Nasa ilalim tayo ng mahigpit at malupit na pamamahala ng mga Espanyol. Salamat na lamang sa ating dakila, matatapat, at matatapang na bayani. Nakipaglaban sila upang matamo ang ating kalayaan.
   A. Ang mga Pilipino sa panahon ng mga bagong bayani
   B. Ang mga Pilipino sa panahon ng mga Espanyol
   C. Ang mga Pilipino sa panahon ng kalayaan
   D. Ang mga Pilipino sa panahon ng Hapon

LIVEWORKSHEETS

8. Ang *Girl Scouts of the Philippines* ay ang pambansang samahan ng mga kababaihan na may misyong matulungan ang iba pang kababaihan na matutuhan ang kahalagahan ng pagiging babae upang maihanda ang sarili sa mga tungkulin sa pamilya, pamayanan at sa buong mundo.

A. Ang layunin ng Girl Scouts of the Philippines

B. Ang pamilya ng Girl Scouts of the Philippines

C. Ang samahan ng Girl Scouts of the Philippines

D. Ang paligid ng Girl Scouts of the Philippines

9. Pumunta ka sa bahay ng iyong kaibigan. Ang tatay niya ang nakausap mo.

A. Puwede kay Lara?
B. Si Lara ho nandiyan?
C. Magandang araw po, maaari po bang makausap si Lara.

10. Dumalaw sa bahay ninyo ang mga kaibigan ng iyong nakatatandang kapatid na si Kate. Ikaw ang nakausap nila.

A. Ate, hindi ko ikaw kilala.
B. Ate Kate, nandito ang kaibigan mo!
C. Pasok po kayo, tatawagin ko lang po si Ate Kate.

11. Papasok ka na ng paaralan, paano ka magpapaalam sa iyong magulang?

A. Tatay, Nanay papasok na po ako.
B. Tatay, Nanay alis na ako.
C. Papasok na ako.

12. Pumunta ka sa bahay ng iyong kaibigan. Ang kuya niya ang nagbukas ng pinto.

A. Nandiyan si Bodjon?
B. Magandang umaga, si Bodjon?
C. Magandang umaga po, nandiyan po ba si Bodjon?

13. Pinuri ka ng inyong guro dahil sa mahusay mong pag-awit.

A. Talaga namang magaling ako.
B. Marami pong salamat.
C. Wala iyon.

14. Ang pagpapalitan ng mga pahayag sa masayang paraan na kasing kahulugan ng panunudyo ay ang _____________.

A. pamimintas C. pagbibiro
B. pamumuna D. pagtuligsa

15. Ang uri ng birong dapat iwasan ay ang birong ___________.

A. nakakatakot C. nagpapalalim ng kaisipan
B. nagkakatotoo D. maaanghang

LIVEWORKSHEETS

II. Isulat sa patlang ang pandiwa sa mga sumusunod na pangungusap.

16. Ipagluluto kita ng paborito mong ulam.
17. Si Andeng ay nagdiwang ng kaarawan noong Sabado.
18. Pinag-ingatan mo ba ang aking kotse?
19. Ang bagong biling kutsilyo ay ipinanghihiwa niya sa karne.
20. Kaliligo pa lamang ng bata ay marumi na siya ngayon.
21. Magtanim tayo ng mga punongkahoy sa paligid ng ating subdibisyon.
22. Ang mga dalaga ay nananahi ng mga Barong Tagalog.
23. Pag-aaralan namin bukas ang tungkol sa mga uri ng bato.
24. Kasusuweldo mo pa lamang ay wala ka ng pera?
25.Pumasok ka nang maaga bukas.

III. Isulat nang maayos ang mga bahagi ng liham pangkaibigan na nasa ibaba.

Bakit hindi ka pumasok kahapon at ngayon? Maysakit ka ba? Sana makapasok ka na dahil magkakaroon tayo ng paglilibot sa Perez Park sa darating na Biyernes.
21 Perez St.
Richard
Hunyo 15, 2020
Ang iyong kaibigan,
Brgy. X, Lungsod ng Lucena
Mahal kong Ted,

LIVEWORKSHEETS